

国民健康保険税申告書の提出について(お願い)

Tungkol sa Pagsusumite ng Formularyo ng Deklarasyon ng Buwis sa Pambansang Seguro sa Kalusugan (National Health Insurance)

Para ma-compute ang buwis sa National Health Insurance para sa taong Reiwa 7 (2025), at para malaman ang maximum na babayaran mo sa hospital, Ipinapadala namin ang "Form ng Pagdedeklara para sa National Health Insurance Tax ng Reiwa 7" sa mga hindi pa alam ang kanilang kita noong taong Reiwa 6 (2024). Kung natanggap ninyo ang form, pakisagutan ito ng inyong kinita o kita mula Enero hanggang Disyembre 2024, at pakipasa po ito bago o sa Hunyo 17, 2025 (Martes), ayon sa mga tagubilin sa ibaba. *(Pwede mong tignan ang guide form)*

Mga kailangang isumite

· (Reiwa 7) 2025 Formularyo ng Deklarasyon ng Buwis sa Pambansang Seguro sa Kalusugan
※ Kung mayroon kang dokumento na nagpapakita ng kinita mo (tulad ng **gensen chōshūhyō** o income statement), **pakisama ang kopya nito.**

Paraan ng Pagsumite

Pakigamit ang **nakalakip na return envelope** at ipadala ito sa (postal mail).

Bakit Importante Itong Gawin?

- Ginagamit ito bilang **basehan sa pagkalkula ng buwis sa health insurance ng buong household.**
- **Maaaring mabawasan ang buwis** kung kwalipikado ka, kaya kahit wala kang kita, **ipasa pa rin ang form.**
- Kailangan ito para matukoy ang **limit ng babayaran mo sa ospital o klinika.**

記入例

【Formularyo ng Deklarasyon ng Buwis sa Pambansang Seguro sa Kalusugan】

() Ipinapaalam mo ang kita mo mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng taon iyon, ayon sa klase o uri ng kinita mo.

様式第4号(第4条関係)

① Pakisulat ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan.

② Pakisulat ang iyong kasalukuyang tirahan.

③ Pakisulat ang iyong tirahan sa itinakdang petsa.

※Kung ikaw ay nakatira sa ibang bansa sa petsang iyon, isulat ang pangalan ng bansa.

④ Pakisulat ang iyong

trabaho o pinagkakakitaan.

⑤ Pakisulat ang iyong numero ng telepono.

⑥ Pakisulat ang pangalan ng pinuno ng pamilya (head of the household).

⑦ Pakisulat kung ano ang relasyon mo sa pinuno ng pamilya.

⑧ Sa [① Kita o Income], isulat ang halaga ng kinita mo.

【Para sa mga Walang Kita】

Isulat ang "0 yen" sa lahat ng bahagi ng ④.

⇒ Pagkatapos, pumunta sa [③ Para sa mga Walang Kita].

【Para sa mga Mayroon Kita】

Sa bahagi ng ④, isulat ang halaga ng kinita mo.

Kung may nagastos ka para sa trabaho (gaya ng puhunan o bayad sa gamit), isulat ang gastos sa ⑥. Pagkatapos, ibawas ang ⑥ sa ④ at isulat ang resulta sa ⑦. (④-⑥=⑦)

※Tanging kita mula sa **Japan** lang ang isusulat dito.

【Mga taong tumatanggap ng pampublikong pensyon】

(galing sa gobyerno) 公的年金】

• Sa mga pampublikong pensyon, ang **pension para sa naiwanan ng pamilya (遺族年金)** at **pension para sa may kapansanan (障害年金)** ay hindi pinapatawan ng buwis, kaya huwag isulat ang halaga nito sa form.

• Mga taong tumatanggap ng **pampublikong pensyon** maliban sa **pension para sa naiwanan ng pamilya** o **pension para sa may kapansanan**,

Sa bahagi ng ④ (pampublikong pensyon 公的年金), isulat ang halaga ng pensyon na tinatanggap mo. Kung tumatanggap ka ng **ibang uri ng pensyon** (hindi pampubliko), isulat ang halaga nito sa "Iba pa"(その他).

※Kung hindi ka tumatanggap ng pensyon, isulat ang "0 yen".

⑨Kung lahat ng nasa ⑧ ay '0 yen', pakibilugan ang numerong naaangkop sa iyo.

1 Hindi pinapatawan ng buwis

Disability pension • Survivor pension • Employment insurance • Worker's compensation insurance • Welfare Assistance • Iba pa

2 Umaasa sa suporta ng pamilya

3 Walang trabaho (Y M ~ Y M)

4 Student pa noon

5 Savings at deposits

6 Iba pa

① 所得金額等

所得の種類	④ 収入金額	⑤ 必要経費
営業	円	
農業	円	
不動産	円	
専従者控除		
配当	円	
給与	円	
専従者給与	円	
公的年金	円	
譲渡		
その他	円	

② 譲渡所得に関する事項

資産の種類 (○で囲んでください)	左の資産を取得した年月日
1 土地建物等	
2 その他の資産	

③ 所得がなかった方の記載欄 (該当数字を○で囲んでください)

1 非課税所得あり 障害年金・遺族年金・雇用保険・労災保険・生活保護	
2 扶養されている	
3 失業中 (年 月 ~)	
4 学生であったため	
5 預貯金	
6 その他 ()	